Bawat Patak

# Rainwater Harvesting

**Reference Sheet** *galing sa bawatpatak.com*

Ang Rainwater Harvesting (RWH) ay ang pag-kolekta ng tubig-ulan upang magamit sa iba't ibang paraan.

Hindi kailangang komplikado ang rainwater harvesting—pwede ka ring magsimula sa bahay. Alamin ang mga simpleng paraan, iba't ibang uri ng tangke, at mga dapat isaalang-alang.

## Iba't ibang antas ng simpleng pag-iimbak ng tubig-ulan

### Pinakasimpleng paraan

Paglabas lamang ng planggana, balde, o kahit anong lalagyan tuwing umuulan.

### Pagkonekta sa alulod o bubong

Maaari ring itapat ang lalagyan sa may alulod kung mayroon man, o sa sistema ng mga tubo kung saan **direktang natatanggap ng lalagyan ang tubig mula sa bubong.**

### Paggamit ng *filtration system*

Maaaring lagyan ng ***first-flush diverter* o *filter*** upang matanggal ang mga dahon, alikabok, o dumi ng hayop na posibleng maisama sa tubig-ulan mula sa bubong.



### Lalagyan sa bahay

Ang pinaka *accessible* na imbakan ng tubig-ulan, ngunit limitado lamang ang kapasidad ng mga ito.

Ang karaniwang lalagyan ay kayang pag-imbakan ng aabot sa **humigit-kumulang 20 litro ng tubig** lamang.



### Plastik na drum

Ang mga asul na drum na gawa sa plastik ay isa sa pinaka popular na ginagamit para sa pag-iimbak ng tubig-ulan dahil sa kanilang tibay, *UV resistance*, at *availability*.

Kaya nito ang **22 hanggang sa 220 litro** ng tubig depende sa sukat.



### Plastik na tangke

Mas malaking bersyon ng mga plastik na drum at kadalasan ay gawa sa *polyethylene*. Angkop ito para sa mga mas komplikadong *rainwater harvesting systems*.

Maaari itong pag-imbakan ng **300 hanggang sa 10,000 litro** ng tubig depende sa modelo.



### Plastik na *tote tank*

Para sa pagdadala ng malaking amount ng pastes, butil, at likido, ngunit maaari din itong gamitin sa pag-iimbak ng tubig-ulan.

May mga *tote tank* na may kapasidad na aabot sa higit **2,000 litro ng tubig**, subalit ang pangkaraniwan na modelo ay may kapasidad na **1,041 litro ng tubig**.

# Mga maaari pang i-*consider*

Mga *upgrades*, *add-ons*, o simpleng payo para sa pagsisimula ng *rainwater harvesting*.

- Upang mas mapakinabangan pa ang naipon na tubig-ulan, maaaring mag-install ng sistema ng **pagsasala o filtration system** sa iyong rainwater harvesting system.
- Maaaring **I-angat ang mga rainwater harvesting system** upang mas makita kung may tulo man ito o sira.
- Kung ang iyong lalagyan ay hindi UV resistant, mahalaga na **pinturahan ito ng itim o anti-UV na pintura** upang maiwasan na tubuan ng lumot ang iyong naiipon.
- Inirerekomenda na **linisin rin ang mga dinadaanan ng tubig-ulan** tulad ng alulod at bubong upang maiwasan ang pagbara ng mga ito.

## Saan maaaring makabili ng lalagyan?

**BMJB Plastic Enterprise**
*852 Gov. Pascual Ave, Brgy. Potrero, Malabon City*
Para sa pangkaraniwang lagayan ng tubig gaya ng batya, balde, planggana, at iba pa.

**Alpa Drum Trading**
*1 mayo street, cor A. Bonifacio Ave, Quezon City*
Para sa pagbili ng malalaking plastik na lagayan gaya ng mga *drum* at tangke.

**Bestank**
*San Marino Compound, 668, T. Santiago St., Lingunan, Valenzuela City*
Nagbebenta ng lahat ng maaaring kailanganin para sa isang mas komplikadong *rainwater harvesting system*: *plastic* at bakal na tangke, mga *heater*, *pump*, at *filter*.